**DISKARIL SA ATING HINAHARAP**

*ni Francis Delgado*

HINAHARAP NATIN ang mga nagtutulakan sa loob ng tren. Sa isang iglap ay nahahawa ang mga nagtutulakan kasama ang mga iba pang táo sa kanilang paligid. Sa madaling salita ay nahahawa silang lahat kahit na nasa anim na talampakang distansya mula sa nagtutulakan.

Ganoon din ang nagiging kapalaran nilang mangilan-ngilang nasa mga bangko, groseri, at palengke—kikilalanin nila ang kanilang mga sarili bilang mga bagong bayani. Ayon sa kanila, bilang mga bagong bayani, sumasakanila ang pribilehiyong maupo sa salumpuwet na para sa mga *senior citizens*, *pregnant women*at *persons with disability*.

Ganoon kataas ang kanilang nagiging antas na sila-sila din naman ang kumikilala, kung kaya ay tinatanggihan nila ang mga *food stubs* sapagkat hindi nakakain kagaya ng salaping papel, tanso, at bato.

Hindi sila ganoon noon o sa kasalukuyan, kundi ay ganoon na sila sa ating hinaharap—namamatay silang dilat sa kahihintay ng ayuda habang nakatatanggap naman ng ayuda ang mga patay.

Dati-rati na naman tayong dapat ay nagtatakip ng bibig sa tuwing umuubo o bumabahing; dati-rati na tayong naghuhugas ng kamay bagupaman at pagkatapos kumain; dati-rati nang nirerespeto ang espasyo ng bawat isa, kápuwâ-táo man, kahayupan o mga punò at halaman—walang nagbago, maliban sa paunti-unti nating nilalamon ang ating mga sarili, kasangkapan ng sarili nating karimlan.